International Driving Permit na maaaring gamitin sa Japan

Maaaring gamitin sa Japan ang International Driving Permit na inisyu ng mga bansang kasama sa Geneva Convention at naaayon sa mga nakatakda sa Convention na ito. Kahit na may International Driving Permit na inisyu ng bansang kasama sa Geneva Convention, kung inisyu ito ayon sa form na itinakda ng ibang Convention (tulad ng Vienna Convention), hindi ito puwedeng gamitin para magmaneho sa Japan.

Para makapagmaneho na gamit ang International Driving Permit, kailangan ang mga sumusunod na kondisyon.

1　Walang isang taon mula sa araw ng pag-iisyu ng International Driving Permit, at wala ring isang taon mula sa araw ng pagpasok sa Japan.



2　Hindi paglabag sa sinasabing「3 month-rule」na itinakda ng Road Traffic Law, Article 107-2

◇　Kapag pumasok uli sa Japan sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng paglabas

Kapag lumabas ng Japan ang isang taong nakarehistro sa “Basic Resident Register” (mga dayuhang tumigil nang matagal sa Japan) at tumanggap siya ng confirmation ng paglabas ng bansa o permission ng pagpasok sa bansa, at nakakuha siya ng bagong International Driving Permit sa loob ng 3 buwan na nasa ibang bansa siya, tapos pumasok uli siya sa Japan, hindi kinikilalang araw ng simula ng panahon na puwede siyang magmaneho ang araw ng pagpasok niya, batay sa International Driving Permit, kaya hindi siya puwedeng magmaneho sa Japan.

※Pareho rin sa mga may refugee travel document



◇ Kapag pumasok uli sa Japan pagkalampas ng 3 buwan mula sa araw ng paglabas

Kapag lumabas ng Japan ang isang taong nakarehistro sa “Basic Resident Register” (mga dayuhang tumigil nang matagal sa Japan) at tumanggap siya ng confirmation ng paglabas ng bansa o permission ng pagpasok sa bansa, at nakakuha siya ng bagong International Driving Permit habang nasa ibang bansa siya nang mahigit sa 3 buwan, tapos pumasok uli siya sa Japan, kikilalaning araw ng simula ng panahon na puwede siyang magmaneho ang araw ng pagpasok niya, batay sa International Driving Permit, kaya puwede siyang magmaneho sa Japan.

※Pareho rin sa mga may refugee travel document